Forest Foundation Philippines
Let's grow together.
PROJECT FOREST
Fostering Outdoor Reading and Environmental Stewardship Together
EKOMUNIKATIB
Multimedia Consultancy Services

# Si Peewee

## Ang Masayahing Pawikan



Karapatang-ari © 2024 Ekomunikatib Multimedia Consultancy Services,
Keith Anthony S. Fabro at Kieth Kendrick B. Pacardo

Lahat ng karapatan ay reserbado.
Walang bahagi ng aklat na ito ang maaaring muling likhain sa anumang anyo nang walang pahintulot na nakasulat mula sa mga may-ari ng karapatan.

Unang Edisyon, 2024

Inilimbag sa Republika ng Pilipinas
Inilathala ng Ekomunikatib Multimedia Consultancy Services
Kapwa tagapaglathala: Forest Foundation Philippines, Puerto Princesa Subterranean River National Park (PPSRNP) Management Office, DepEd Puerto Princesa City Division, at USAID Sustainable Interventions for Biodiversity, Oceans, and Landscapes (SIBOL)

Manunulat: Keith Anthony S. Fabro
Patnugot: Jee Y. Geronimo
Tagaguhit: Kieth Kendrick B. Pacardo
Tagalapat: Edrich Q. Pasamonte

Mga Tagasuri:

*PPSRNP Management Office*
**Elizabeth A. Maclang** - Protected Area Superintendent
**Jan Elmer I. Badilla** - CEPA Chief
**Jacinth D. Mabayag** - CEPA Specialist
**Allan Brix E. Madrona** - CEPA Specialist

*Forest Foundation Philippines*
**Joanne Chua** - Project Officer for SIBOL
**Ana Veronica Gabriel** - Palawan Landscape Coordinator
**Bryan Joel Mariano -** Knowledge Management Specialist
**Schenley Anne Belmonte -** Communications Specialist
**Mary Janelle Regina Uy** - KM/Comms Associate

*USAID SIBOL*
**Jocelyn Caseres** - Palawan Site Team Lead
**Mickel Ollave** - PPSRNP SECOMO
**Lorelie Astrera** - GYESI Specialist
**Jo Javan Cerda** - Communications Specialist
**Wulmar Cerio** - Technical Writer
**Alan Kristofer Motus -** Media & Program Coordinator

*DepEd Puerto Princesa City Divison*
**Laida M. Lagar-Mascareñas, CESE**
OIC, Schools Division Superintendent

**Rufino B. Foz**
OIC, Assistant Schools Division Superintendent

**Cyril C. Serador, PhD**
Chief, Curriculum Implementation Division

**Sheila B. Tindog, PhD** - EPS (LRMS Manager)
**Glenda A. Almeniana** - EPS (English)
**Luis R. Mationg** - EPS (Filipino)
**Rolando A. Taha, PhD** - EPS (Science)
**Dennis M. Lucas, PhD** - EPS (TLE)
**Antonieta C. Miguel** - EPS (Values Education)
**Imelda C. Oblan -** PSDS IPED Focal Person
**Eva Joyce C. Presto** - PDO II
**Rhea Ann A. Navilla** - Librarian II

*Division Learning Resource Evaluators*
**Enrile O. Abrigo, Jr.** - Editor (Language)
**Jim Paul M. Belgado** - Editor (Language)
**Daniel C. Tabinga, Jr.** - Illustrator
**Jay M. Maravilla** - IPR
**Liezl O. Arosio** - Layout Artist

Ang aklat na ito ay ginawa sa ilalim ng Project Fostering Outdoor Reading and Environmental Stewardship Together (FOREST), isang *environmental education initiative* na nakatuon sa mga kabataan sa PPSRNP. Ang proyekto ito ay pinondohan ng Forest Foundation Philippines (pumapasok sa komersyo bilang Philippine Tropical Forest Conservation Foundation, Inc.), at ipinatupad ng Ekomunikatib Multimedia Consultancy Services, katuwang ang PPSRNP Management Office, DepEd Puerto Princesa City Division, USAID SIBOL at Palawan State University College of Arts and Humanities Extension Services Office.

# Si Peewee

## Ang Masayahing Pawikan




B B BF B B

B B B Bn B

Maliksi lumangoy ang batang pawikan na nagngangalang Peewee. Masaya siyang nakatira kasama ang kaniyang inang si Polly sa makulay at masiglang kabahurahan ng St. Paul Bay sa Puerto Princesa Subterranean River National Park.




Napakaganda ng kabahurahan na tinitirahan nina Peewee at iba pang mga buhay-ilang dahil napapanatili ng pamahalaan ng parke at ng komunidad ang pagiging mayabong ng kagubatan sa lugar.




Ang mga puno sa kabundukan ang siya ring nagpapatibay ng kalupaan laban sa pagguho nito. Kung walang mga puno, posibleng maanod ang mga latak sa ilog patungong karagatan kapag malakas ang ulan.

Pero dahil mayabong ang kabakawan na isang uri ng kagubatan sa dalampasigan ng parke, nasasala ng mga ugat nito ang mga latak.




“Dahil sa mga puno sa kabundukan at dalampasigan, hindi na makararating ang mga latak na iyon dito sa atin,” paliwanag ni Nanay Polly sa anak.

“Mapanganib pa naman sa atin ang mga latak dahil maaari tayong mabitag at mapatay ng mga ito.”



Marami nang napisang itlog si Nanay Polly, ngunit si Peewee lang ang natira sa piling niya. Ang iba, hindi pinalad dahil sa iba't ibang elemento sa kalikasan. Bagama't hindi sila nakaligtas, nagsilbi naman silang pataba sa iba't ibang puno't halaman sa baybayin.


Malusog sina Nanay Polly at Peewee dahil iba't iba ang kanilang kinakain. Paborito nila ang mga dikya at kinokontrol nila ang populasyon nito upang mapanatiling balanse ang sistema sa karagatan.



Madalas ding magawi ang mag-ina sa lusayan para manginain.

Ngunit may isang kinatatakutan ang ina para sa anak. “Peewee, sinasabi ko sa iyo, huwag kang lalayo sa tabi ko ha,” paalala ni Nanay Polly.

“Iba na ang panahon ngayon. Kung dati, malaya tayong nakalalangoy dito sa kabahurahan, lusayan, o dalampasigan, ngayon, hindi na natin alam kung tayo ay ligtas pa.”




"Ano pong ibig 'nyong sabihin, Nanay?"

"Kasi ngayon, akala mo dikya ang palutang-lutang, pero plastik pala," tugon ni Nanay Polly.



"Marami na sa atin ang namatay, bata man o matanda, dahil nakakain ng plastik galing sa komunidad ng mga tao."

"Opo," tugon ni Peewee.



"Isa pa, huwag kang magagawi sa baybayin o kaya lalapit sa mga bangka dahil baka ikaw ay matamaan ng elisi nito o kaya naman ay masabit sa lambat," babala ni Nanay Polly. "Nakamamatay din ang mga iyon."



Pero dahil likas na mahilig maglaro ang bata, pumunta ito malapit sa dalampasigan kasama ang mga kalaro niyang pawikan.

"Ano, paligsahan tayo!" hamon ni Peewee sa mga kalaro. "Sinumang maunang makalangoy patungo sa pampang ang siyang panalo."



At ganoon nga ang ginawa ng mga magkakalarong batang pawikan. Hindi nila inalintana kung sila ba ay mapapahamak na siyang malaking pangamba ng kanilang mga magulang.

Desidido si Peewee na manalo. Binilisan niya ang pagkampay at naungusan nga nito ang mga kalaro. "Ako yata ang mananalo!" Pagyayabang nito sa isip niya habang papalapit na sa dalampasigan.

Ngunit bago pa man ito makarating, bigla siyang hindi makagalaw sa gitna ng laot. Dahil kakulay ng lambat ang tubig, hindi niya ito napansin at siya pala ay nalambat na. "Ah! Pakawalan niyo ako!" pagmamakaawa ng batang pawikan. "Tulong!"

Natakot ang kaniyang mga kalaro at sa halip na sumaklolo ay kumaripas ang mga ito ng langoy pabalik.





Sa ibabaw ng bangka, tuwang-tuwa si Mang Menan dahil mukhang mabigat ang huli nito. “Aba, mukhang nakarami ako ngayon a!” bulalas ng mangingisda. “Mabibili ko na ang gustong laruan at aklat ng anak kong si Mira.”


Bigat na bigat na hinango ni Menan ang lambat. Dahil puno ito ng isda at siya naman ay nasasabik nang umuwi, hindi niya napansin na nasama pala dito si Peewee.





"*Chug, chug, chug, chug,*" pinaandar niya ang makina ng bangka habang nakatingin sa baybayin sa di-kalayuan.





Sa kabahurahan, humahagulgol si Nanay Polly dahil sa pagkakalambat ng anak. "Anak, sabi ko naman huwag kang lalayo, pero bakit hindi ka nakinig sa akin?"

Patuloy ang pag-iyak ng inang hindi alam ang gagawin. Siya ay nangangambang hindi na makabalik ng buhay ang nag-iisang anak.

Nang makarating na sa baybayin si Mang Menan, sinalubong siya ng asawang si Aling Minda at nag-iisang anak na si Mira. "O, anak, mabuti't nandito ka," ani Mang Menan habang itinatali ang bangka.



“Opo, itay, hindi muna ako sumama sa Lola Marina para tumanggap ng mga bisita sa kabakawan kasi gusto kitang tulungan,” nakangiting sambit nito. “Hindi ba ibibili mo ako ng laruan at aklat dahil nangunguna ako sa aming klase?”

“Oo naman, anak, pangako iyon ng tatay, kaya ito na salamat sa Diyos marami akong huli ngayon.”



Habang hinahango ni Minda isa-isa ang mga isdang sumabit sa lambat para ilipat sa banyera, may napansin siyang kakaiba. “Teka, ano ‘yong gumagalaw sa ilalim?”

“E baka naman malaking isda lang,” sagot ni Menan.



“Pawikan! Pawikan!” sigaw ni Mira. “Tatay, iligtas natin siya, dali!”

Sa halip na katayin ang pawikan para gawing karne o kaya ay ibenta, nagdudumali ang mangingisda at ang anak nito na tanggalin si Peewee mula sa aksidenteng pagkakasabit sa lambat.



"Nakuwento po sa aming paaralan na malaking papel ang ginagampanan ng mga pawikan sa pagpapanatili ng kalusugan ng karagatan, kaya dapat lamang po na iligtas natin sila," paliwanag ni Mira habang maingat na hinahango si Peewee.



Samantala, ipinaalam naman ni Aling Minda at Mira sa pamahalaan ng parke ang patungkol sa pawikan.

"Maraming salamat, Aling Minda at Mira, sa pagpapaabot nito sa amin," sabi ni Ate Beth, ang pinuno ng tanggapan ng parke.

Matapos palakasin ang pawikang si Peewee dahil nanghina ito, ginawa nga nila ang nararapat.



“Tayo na’t sama-sama nating pakawalan ang pawikan,” wika pa ng kawani.


Si Peewee naman ay naluluha sa saya at pasasalamat habang dahan-dahang gumagapang patungo sa dagat.

“Sa wakas, makababalik na rin ako sa amin.”



Sa kabahurahan, matamlay na lumalangoy ang inang si Polly. Makikita sa kaniyang mukha at kilos ang lumbay dahil sa pagkawala ng anak.





Sa di-kalayuan, may namataan siyang isang batang pawikan.

Bigla siyang kinabahan.

“Teka, nananaginip ba ako? Peewee, anak, ikaw ba iyan?” tanong nito sa isip.

“Peewee, ikaw nga, anak!”

"Nanay Polly, ako nga ito!" sabay langoy patungo sa ina. Nang magkalapit, niyakap niya nang mahigpit ang ina.

"Anak, huwag ka nang lalayo ha, matutong makinig at sumunod sa magulang."

"Opo, nanay, pangako po."



At patuloy ngang namuhay nang masaya at payapa ang mag-ina. Nakikipaglaro pa rin si Peewee sa kaniyang mga kababata, ngunit sinisigurado na nilang hindi sila lalayo.



Sa pamayanan ng mga tao, patuloy si Mira at ang kaniyang mga kaklase na tumutulong sa pamahalaan ng parke.

Ipinapaliwanag nila sa kanilang mga magulang at kamag-anakan ang kaugnayan ng mayabong na kagubatan sa malusog na karagatan na tahanan nina Peewee at iba pang mga buhay-ilang.




"Kung tayo nga ay may karapatang mabuhay, ganoon din ang mga buhay-ilang," paghihikayat ni Mira sa mga nakasasalamuha.

"Bata man o matanda ay ginawa ng Diyos na mabuting tagapangalaga ng lahat, maging kagubatan man, karagatan, o iba pang likas-yaman."



*Ang kwentong **"Si Peewee, ang Masayahing Pawikan"** ay umiimbita sa mga mambabasang kabataan na tuklasin ang pagkakaugnay ng luntiang kabundukan at makulay na kabahurahan sa Puerto Princesa Subterranean River National Park. Ang kahanga-hangang lugar na ito ay kumakanlong sa mga pawikan at iba pang mga uri ng hayop sa karagatan na pawang may mahahalagang papel sa pagpapanatili ng balanse ng kalikasan. Tampok sa kwentong ito ang munting pawikan na si Peweee at ang kaniyang inang si Polly. Sa hindi inaasahang pagkakataon, napadpad si Pewee sa baybayin kung saan nakilala niya si Mira, anak ng isang mangingisda. Paano kaya matutulungan ni Mira na makauwi ang batang pawikan sa kaniyang ina?*






***Si Keith Anthony S. Fabro, LPT** ay isang mamamahayag, guro, at mananaliksik na nakatuon sa agham pangkalikasan. Natapos niya ang kaniyang BA Mass Communication Journalism major (Cum Laude) sa Palawan State University noong 2015 bilang isang iskolar ng Commission on Higher Education. Ang mga likhang pamamamahayag niya ay mababasa at mapanonood sa Palawan News, Rappler, Mongabay, Dialogue Earth, Eco-Business, at Channel News Asia. Siya ay tumanggap na ng pangnasyonal at internasyonal na mga parangal tulad ng Agriculture Journalist of the Year Award noong 2022 mula sa Philippine Agricultural Journalists Inc., Excellence in Environmental Reporting Award noong 2020 at 2022 mula sa Society of Publishers in Asia, at UNESCO Man and Biosphere Young Scientist Awards noong 2024.*



***Si Kieth Kendrick B. Pacardo** ay isang artist na ipinanganak at lumaki sa Palawan. Nagsusumikap siyang lumikha ng makabuluhang mga likhang sining na naglalayong maghatid ng positibong pagbabago sa lipunan. Nagmumula ang inspirasyon niya mula sa mga makukulay na bagay at tipograpiya na nakapaligid sa kaniya sa pang-araw-araw niyang buhay. Sa kasalukuyan, siya ay nagtatrabaho bilang isang graphic designer at freelance illustrator. Ang ilan sa kaniyang mga disenyo ay naitampok ng Riot Games (Valorant), National Commission for Culture and the Arts, at local government units. Siya ay puno ng pagmamahal sa pag-aaral at pagtutuklas sa iba't ibang estilo ng sining, at maging sa pakikihalubilo sa mga taong kapareho niya ng pananaw sa buhay.*

**SA PAKIKIPAGTULUNGAN NG**

*Para sa mga komento at mungkahi, maaari mag-email sa Ekomunikatib Multimedia Consultancy Services sa **ekomunikatibmultimedia@gmail.com**. Sundan ang **Project FOREST (@projectforestph)** sa Facebook para sa mga update at higit pa!*